

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Tinatawagan ang lahat ng tagagawa ng pagbabagong pangkapaligiran sa Brampton!

Sumali sa Centre for Community Energy Transformation bilang isang board member; magnomina ng isang indibidwal o negosyo para sa Grow Green Awards

BRAMPTON, ON (Pebrero 2, 2022) – Ang Lungsod ng Brampton ay may dalawang bagong pagkakataon para sa mga indibidwal, negosyo at organisasyon sa komunidad.

Centre for Community Energy Transformation (CCET)

Magkaisang inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang mga rekomendasyon ng CCET Advisory Task Force, kabilang ang re-allocation ng umiiral na mga pondong kapital mula sa kapital na badyet ng Environmental Master Plan sa halagang \$300,000 tungo sa bagong Badyet ng CCET. Ang pagpopondo na ito ay tutulong sa pagpapatibay ng CCET at pagsuporta sa unang taon nito sa operation, na sumusuporta sa Lungsod sa pagsasagawa ng pampagbabagong aksyon. Para makita ang kumpletong report, bisitahin ang www.brampton.ca/CCET.

Sa inaprubahang pagpopondo, naghahanap ngayon ang CCET ng maalab na mga indibidwal na interesado sa pagboluntaryo sa Transitional Board para makatulong na pormal na itatag ang CCET tungo sa isang non-profit incorporation.

Ang governance board na ito na batay sa skill ay bubuuhin ng siyam na miyembro sa boluntaryong paraan, at isang komplemento na limang staff ng Lungsod, Ang volunteer board ay magiging responsable para sa araw-araw na pangangasiwa at operations ng CCET.

Ang deadline para mag-aplay ay Pebrero 25, 2022. Hanapin ang kumpletong mga detalye at isumite ang isang aplikasyon sa board member sa www.brampton.ca/CCET.

Grow Green Awards

Magnomina ng isang indibidwal, negosyo, organisasyon o institusyon para sa bagong Grow Green Awards ng Brampton! Ang mga award na ito ay kikilala sa outstanding na mga indibidwal, negosyo at uri ng organisasyon sa Brampton na nagpakita ng pangkapaligirang liderato at may malaking nai-ambag sa Grow Green Vision sa pagkonserba, pagdagdag, at pagbalanse sa ating likas at itinayong mga kapaligiran para lumikha ng nakakalusog, sustenable at madaling nakakabangon na Brampton.

Kabilang sa apat na kategorya ng award ang:

- **Climate Change Award** – Ibinibigay sa isang indibidwal at isang negosyo/organisasyon na may malaking nai-ambag sa pagpapasulong ng pagpapabago sa climate change at/o kamalayan/kaalaman at aksyon sa pang-aangkop sa climate change.

- **Stewardship Award** – Ibinibigay sa isang indibidwal at isang negosyo/organisasyon na nakapag-ambag nang malaki sa mga inisyatiba ng pagpapasulong ng pangkapaligirang pagiging sustainable na nauugnay sa konserbasyon at/o pangangalaga ng mga punong-kahoy, sistema ng likas na pamana, tubig, at/o pagbawas ng tapon.
- **Environmental Youth Award** – Ibinibigay sa isang indibidwal o kabataan na nagpakita ng katangitanging tagumpay sa pagpapasulong ng pangkapaligirang proteksyon, mga hakbang sa climate change, at/o pagiging sustainable sa Brampton
- **Environmental Legacy Award** – Ibinibigay sa isang indibidwal na nagbigay ng napakahusay na personal na serbisyo at patuloy na kontribusyon para isulong ang Grow Green Vision ng pagkonserba, mas pagpapahusay at pagbalanse sa ating likas at binuong mga kapaligiran para makalikha ng nakakalusog, madaling nakakabangon at sustenableng lungsod.

Ang deadline para sa mga nominasyon ay Pebrero 28, 2022. Idadaos ang seremonya ng pagbibigay ng award nang personal o birtwal sa spring 2022, na sumusunod sa mga patnubay ng public health. Para sa mas maraming detalye tungkol sa mga award at para punan ang nomination form, [i-click dito](#).

Mga Quote

“Ang Brampton ay isang Luntiang Lungsod, at isang lider ng pagiging sustainable, salamat sa mga pangkapaligirang advocate sa ating komunidad. Kung may kilala kayong isang tao na karapat-dapat sa pagkilala para sa kanilang mga ambag sa pagiging sustainable sa Brampton, inomina sila para sa Grow Green Awards. Kung may karanasan kayo bilang isang board member, mag-aplay para sa CCET Board of Directors.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Nasasabik tayong makita ang kalibre ng mga nominasyon para sa Grow Green Awards at mga aplikasyon para sa CCET Board of Directors. Dedicated ang Konseho ng Lungsod ng Brampton sa pagpapabawas ng carbon footprint sa ating lungsod sa ating paglalakbay para mabawasan nang 80 porsyento ang greenhouse gas emissions na nilikha nang Brampton bago lumipas ang 2050. Sumali sa amin at maging bahagi ng pagbabagong ito.”

- *Paul Vicente, Chair, Public Works and Engineering; Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Lungsod ng Brampton*

“Ang Grow Green Awards at CCET Board of Directors ay sumusuporta sa mas luntiang lungsod, ayon sa binalangkas sa CEERP at Mga Prayoridad ng Termino ng Konseho. Iniimitahan namin ang lahat ng lider sa climate change na tumulong sa pagbawas ng ambag ng Brampton sa pandaigdigang climate change sa pamamagitan ng mga oportunidad na ito at hikayatin ang iba na gawin din ito

- *Doug Whillans, Konsehal ng Lungsod, Wards 2 at 6; Miyembro, Environment Advisory Committee; Miyembro, CEERP Community Task Force, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay dedicated sa pagtugon sa ating mga layunin sa climate change, at pagkilala sa mga tao sa ating komunidad na nagsisikap na madagdagan ang pagiging sustainable at mas mapaganda ang ating pangkapaligirang mga pamantayan. Alamin ang mas marami pa, magnomina ng isang tao para Grow Green Awards o magsumite ng aplikasyon para sa CCET Board of Directors sa Brampton.ca.”

- David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca